


Filipino

Unang Markahan – Modyul 6: Iba't Ibang Teknik sa Pagpapalawak ng Paksa



**Filipino – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 6: Iba’t Ibang Teknik sa Pagpapalawak ng Paksa
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat : Felma R. Alanzado at Mildred I. Alejandrino
Editor : Dores P. Claro, Maria Consuelo C. Jamera at Lilibeth D. Meliton
Tagasuri : Jessie C. Torreon, Jocelyn P. Abellano, Noviemar T. Maur,
Fe M. Clerigo, Donna May D. Pinguic, Christy Joyce E. Anino
Japheth K. Salar
Tagaguhit : Sarreyl Felijude C. Balanghig
Tagalapat : Felma R. Alanzado at Mildred I. Alejandrino
Tagapamahala: Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol Jr., Maripaz F. Magno,
Josephine Chonie M. Obsenares, Gilda G. Berte,
Antonieta O. Narra, Feldrid P. Suan, Jessie C. Torreon,
Dores P. Claro at Victoria B. Pabia

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education - Rehiyon ng Caraga

Office Address: Learning Resource Management Section (LRMS)
Teacher Development Center,
J. Rosales Avenue, Butuan City, Philippines 8600
Telefax: (085)342-8207 / (085)342-5969
E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

Filipino

Unang Markahan – Modyul 6: Iba't Ibang Teknik sa Pagpapalawak ng Paksa

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin



Kumusta? Natutuwa ako't muli na naman tayong nagkita. Batid kong marami na tayong pinagdaanan, kaya, habang sabay tayong naglalakbay patungo sa panibagong pook ng karunungan at kaalaman, mas lalo nating pahahalagahan ang ating pagsasama. Makakaasa kang kaakibat mo ako sa lahat ng mga pagsubok na ating pagdaraan. Ako si Kokoy, ang iyong sanggang –dikit na nakahandang umalalay sa iyo.

Kaya, huwag na tayong magpatumpik-tumpik pa. Halika na't maglakbay na tayo tungkol sa mga teknik sa pagpapalawak ng paksa.

Matapos ang ating paglalakbay inaasahan kong magagawa mo ang mga sumusunod:

Nagagamit ang iba't ibang teknik sa pagpapalawak ng paksa:

-paghahawig o pagtutulad

-pagbibigay depinisyon




Subukin

Heto na, simulan na natin ang unang hakbang patungo sa bagong mundo ng kaalaman na ating tutunguhin. Huwag kang mag-alala, layunin nitong sukatin ang dati mong kaalaman tungkol sa paksa.




Panuto: Tukuyin ang paksaang pinag-uusapan sa sumusunod na *infographics* ng Kagawaran ng Kalusugan. Suriin ito at tukuyin kung paano pinalawak ang paksa.

Paksa:



Paano pinalawak ang paksa?



MGA KATANUNGAN TUNGKOL SA NOVEL CORONAVIRUS (2019-nCoV)


Ano ang Coronavirus?

Ang **Coronaviruses** ay mga pamilya ng mga virus na nagdudulot ng sakit mula sa karaniwang sipon hanggang sa mas malubhang sakit tulad ng Middle East Respiratory Syndrome (MERS) at Severe Acute Respiratory Syndrome (SARS).

Ang **novel coronavirus** ay panibagong strain o uri ng coronavirus na hindi pa nakikita sa tao noon.



Makipag-ugnayan sa pinakamalapit na health facility para sa karagdagang impormasyon.




Ano ang maaari kong gawin para maprotektahan ang sarili laban sa Novel Coronavirus (2019-nCoV)?

Protektahan ang sarili laban sa novel coronavirus (2019-nCoV) sa pamamagitan ng:



- Regular at wastong paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig.
- Pag-iwas sa malapitang pakikipag salamuha sa mga may lagnat, at ubo't sipon.
- Pagsisigurong malinis at naluto ng maayos ang pagkain tulad ng karne at isda.

Makipag-ugnayan sa pinakamalapit na health facility para sa karagdagang impormasyon.



Nakakahawa ba ang coronavirus ng tao sa tao?



Ayon sa kasalukuyang sitwasyon, may ilang coronavirus na maaaring maipasa ng tao sa tao (human-to-human transmission). Kadalasan ay nangyayari ito sa malapitang pakikipagsalamuha sa iba ng taong mayroon nito, gaya ng sa bahay, trabaho o health facility.

Makipag-ugnayan sa pinakamalapit na health facility para sa karagdagang impormasyon.



711-1001
711-1002



OfficialDOHgov
doh.gov.ph

Modyul 6 Iba't Ibang Teknik sa Pagpapalawak ng Paksa



Balikan



Natutuhan nating ang paghihinuha ay nagmumungkahi o naglalahad ng ideya o kaisipang nagpapahiwatig ng iba pang pangyayari na maaaring maganap sa akda/teksto. Ito ay maaring mabuo sa pamamagitan ng paggamit ng karanasan o prediksiyong posibleng maganap ayon sa sariling pananaw o konsepto ng mambabasa o tagapagpakinig sa isinaad na sitwasyon.

Panuto: Basahin at suriin ang teksto. Ilahad ang layunin nito at bumuo ng limang paghihinuha mula sa inilahad na sitwasyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Tumawag si Jane sa kanyang Tiya Alice sa telepono upang humingi ng tulong. Sinabi niyang siya'y nag-iisa sa bahay at nanginginig ang kanyang boses.

Layunin ng teksto na _____.

Sa pangungusap na ito, mahihinuha na:

- A. _____
- B. _____
- C. _____
- D. _____
- E. _____



Tuklasin



Tama! Nabigyan mo ba ng hinuha ang sitwasyon? Magaling! Handa ka ng matutuhan ang kasunod na talakayan tungkol sa pagpapalawak ng talakayan. Halika't basahin mo.

Panuto: Basahin ang sanaysay. Suriin kung paano pinalawak ang paksa nito.

Ang Patuloy na Pag-init ng Mundo

Ang mundo ay natural na kumukuha ng init mula sa araw ngunit hindi lahat ng sinag nito ay tinatanggap ng ating mundo. Ang ibang enerhiya mula sa araw ay ibinabalik ng mundo sa kalawakan sa pormang *infrared waves* sa tulong ng *Ozone Layer*. Sa totoo lang hindi makabubuti sa ating kapaligiran ang sobrang init lalo na sa mga halaman.

Ayon sa siyensiya, ang pagtaas ng temperatura lalo na sa karagatan ay sanhi ng paglakas ng pwersa ng hangin. Katunayan kung magpapatuloy ito, malalakas

na bagyo ang mabubuo sa ating karagatan. Ito ay pinatutunayan ng mga nagdaang malalakas na bagyo sa ating bansa at sa iba pang panig ng mundo na kumitil ng halos libo-libong katao. Hindi rin naiwan noon ang napakalalakas na buhawi na sumalanta sa libo-libong kabahayan na nagdulot ng kasawian sa mga tao. Ang mga nangyayari sa buong mundo kabilang ang Pilipinas ay palatandaan ng epekto ng *Global Warming*.

Ayon naman sa mga siyentipiko mula noong 1958-1970 ang lebel ng karbon sa *Ozone Layer* ay tumaas na, dito kasi napupunta ang lahat ng karbon na nagmumula sa iba't ibang uri ng industriya at malaki ang kinalaman nito sa patuloy na pag-init ng mundo. Ayon naman kasi sa siyensya, ang karbon ang pumipigil sa paglabas ng karbon, hindi na kakayanin ng *Ozone Layer* na ilabas ang ibang sinag ng araw sa mundo at patuloy pang iinit ang mundo. Maraming bagay ang pinanggagalingan ng karbon; ang pagsunog ng kagubatan o kaingin, transportasyon, mga planta at mga pabrika, at lahat halos ng uri ng industriya. Ang paggamit kasi ng langis ang pangunahing sanhi ng *carbon emission*. Sanhi nito ang taong sinasaklawan ng teknolohiya at industriyalisasyon. Kung hindi ito magagawan ng paraan, sasapitin ng sanlibutan ang lupit ng kalikasan na hindi kayang kontrolin ng sinuman at malamang pagdating ng panahon maging mitsa ng buhay tungo sa kamatayan.

Sagutin:

A. Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang paksa ng iyong binasa?
2. Paano pinalawak ang paksa sa iyong binasa?
3. Ano-anong mga detalye ang binanggit sa pagpapalawak sa paksa?
4. Nakatulong ba ang mga detalyeng ibinigay upang maunawaan ang paksa?
Patunayan.
5. Ano-anong mga kaalaman kaugnay sa paksa ang natutuhan mo?

B. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod ang nagsasabi tungkol sa *Global warning*.
 - A. Ito ay resulta ng pagsunog ng kagubatan.
 - B. Ito ay makabagong bersyon ng klima ng bansa.
 - C. Ito ay pagtaas ng *carbon monoxide* at iba pang *greenhouse gases*.
 - D. Ito ay tumutukoy sa naranasang pagtaas ng katamtamang temperatura.
2. Kung patuloy na tataas ang temperatura, alin ang kalalabasan nito.
 - A. Malalakas na bagyo ang mabubuo sa karagatan.
 - B. Masusunog ang kalawakan.
 - C. Mamamatay ang lahat ng may buhay sa mundo.
 - D. Magkakaroon ng kakulangan sa pagkain.

3. Ang mga nabanggit ay paraan upang maibsan ang pag-init ng mundo maliban sa isa.
- A. Iwasan ang paggamit ng petrolyo.
 - B. Magtipid ng paggamit ng enerhiya.
 - C. Kontrolin ang paggamit ng teknolohiya.
 - D. Huwag ugaliing magsunog ng mga bagay.
4. Sa anong paraan pinalawak ang paksa?
- A. pagliliwanag
 - B. pagsusuri
 - C. pagbibigay-depinisyon
 - D. paghahawig o pagtutulad
5. Ano ang pinakapaksa ng sanaysay?
- A. Ozone Layer
 - B. Global Warming
 - C. Infrared Waves
 - D. Carbon Emission



Suriin

Pagpapalawak ng Paksa

Ang talata ay binubuo ng lipon ng mga pangungusap na nagpapahayag ng kaisipan.

Sa pagsulat ng talata, mahalaga ring bigyang-pansin ang pagpapalawak ng paksa upang higit na maging mabisa at maliwanag ang pagsusulat o paglalahad. May iba't ibang paraan o teknik ang ginamit sa pagpapalawak ng paksa, ilan sa mga ito ang sumusunod:

1. Pagbibigay-katuturan o Depinisyon – Kinakailangang bigyan ng katuturan o depinisyon ang mga salitang hindi agad-agad maintindihan upang mabigyang- linaw ang isang bagay na tinutukoy.

Halimbawa:



MGA KATANUNGAN TUNGKOL
SA NOVEL CORONAVIRUS (2019-nCoV)

Ano ang *Coronavirus*?

Ang **Coronaviruses** ay mga pamilya ng mga virus na nagdudulot ng sakit mula sa karaniwang sipon hanggang sa mas malubhang sakit tulad ng Middle East Respiratory Syndrome (MERS) at Severe Acute Respiratory Syndrome (SARS).

Ang **novel coronavirus** ay panibagong strain o uri ng coronavirus na hindi pa nakikita sa tao noon.



Makipag-ugnayan sa pinakamalapit na health facility para sa karagdagang impormasyon.

- Paghahawig o Pagtutulad-** May mga bagay na nasa kategoryang iisa at halos magkapareho. Sa paghahambing ay naipapakita ang tiyak na katangian ng mga bagay na magkakatulad.

Halimbawa:

PHILSTAR HOME | THE PHILIPPINE STAR | PILIPINO STAR NGAYON | T

HOME BANSÁ METRO PROBINSIYA OPINYON PALARO SHOWBIZ TRUE C

Ang coronavirus, sabi ng DOH, ay malaking pamilya ng mga virus mula sa simpleng "common cold" hanggang sa mga mas seryosong infections gaya ng MERS-CoV at SARS-CoV.

- Pagsusuri-** Malawak ang saklaw ng pagsusuri, ipinapaliwanag nito hindi lamang ang bahagi ng kabuoan ng isang bagay kundi pati na rin ang kaugnayan ng mga bahaging ito sa isa't isa.

Nakakahawa ba ang *coronavirus* ng tao sa tao?



Ayon sa kasalukuyang sitwasyon, may ilang *coronavirus* na maaaring maipasa ng tao sa tao (*human-to-human transmission*). Kadalasan ay nangyayari ito sa malapitang pakikipagsalamuha sa iba ng taong mayroon nito, gaya ng sa bahay, trabaho o health facility.


Makipag-ugnayan sa pinakamalapit na health facility para sa karagdagang impormasyon.




711-1001
711-1002



OfficialDOHgov
doh.gov.ph



Alam kong naunawaan mo na ang mga teknik sa pagpapalawak ng paksa. Inaasahang magagawa mo rin ito sa mga susunod na pagsasanay.



Pagyamanin

Panuto: Bumuo ng talata tungkol sa sumusunod na *infographic* ng DOH. Gamitin ang mga teknik na natutuhan sa pagpapalawak ng paksa.

2019 NOVEL CORONAVIRUS
Acute Respiratory Disease
(2019-nCoV ARD)
HEALTH ADVISORY

Tamang Paraan ng Pag-Ubo (Cough Manners)

Ang pagtakip sa ilong at bibig ay hindi lamang mabuting asal, nakakatulong ito na mabawasan ang pagkalat ng mga mikrobyo o ng mga nakakahawang virus na kumakalat dahil sa talsik ng laway sa pag-ubo o pagbahin.



Takpan ang ilong at bibig gamit ang braso o tisyu.

Itapon ang ginamit na tisyu sa basurahan.


Ugaliing maghugas ng kamay pagkatapos umubo o bumahin.



8711-1001
8711-1002




OfficialDOHgov
doh.gov.ph



Isagawa

Panuto: Magsaliksik ng impormasyon tungkol sa COVID-19. Palawakin ang paksa nito gamit ang iba't ibang teknik na nabanggit. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




Tayahin

Panuto: Pumili ng isang napapanahong isyu at bumuo ng talata. Palawakin ito gamit ang iba't ibang teknik. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Paksa/Isyu	Pagpapalawak ng Paksa/isyu	Teknik na Ginamit
gadget		
pandemya		

pag-eehersisyo		
edukasyon		



Karagdagang Gawain

Panuto: Basahin at unawain ang sitwasyong nasa ibaba at sagutin ang kasunod na mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ang pamahalaan ng Pilipinas ay naglabas ng kautusang *stay at home* simula noong kalagitnaan ng buwan ng Marso. Ang pananatili sa bahay sa panahong ito ay isang hakbang upang mapigilan ang pagkalat ng *Corona Virus*. Mahigpit ang bilin lalo na sa mga kabataang nasa edad **20** pababa at nasa edad **60** taong gulang pataas o kilala sa tawag na mga **senior citizen** mas madaling mahawaan ng sakit na ito. Isang tao lamang ang maaaring lumabas upang bumili ng mga mahahalagang pangangailangan katulad ng pagkain at gamot. Sa paglabas ng bahay, kinakailangang magsuot ng *face mask* at sundin ang *physical distancing*-magkaroon ng isang metrong layo upang mabawasan ang pakikisalamuha sa mga taong posibleng may *Covid19*.

Narito ang ulat tungkol sa Covid19 case sa Pilipinas. Ang datos na ito ay hango mula sa WHO (World Health Organization) na inilabas noong Abril 20, 2020.

Tatlong rehiyon ang may mataas na kaso ng Covid19.

NCR	-	70.9%
CALABARZON	-	15.6%
Central Luzon	-	5.6%

- Batay sa sitwasyon, paano binigyang kahulugan ang *stay at home*?
 - Huwag lumabas ng bahay para hindi makulong.
 - Pananatili sa bahay upang di mapagalitan ng magulang.
 - Pananatili sa tahanan upang gampanan ang mga gawaing bahay.
 - Pananatili sa bahay dahil ito ay alinsunod sa batas na ipinatupad dahil sa pandemyang Covid19.


2. Alin sa sumusunod ang naglalarawan ng makabuluhang kalagayan sa panahon ng pandemya?
- Nakalulungkot isipin na hindi na nakakalabas ng bahay nang malaya gaya ng dati.
 - Mas maganda ang buhay ngayon dahil makapaglalaro na ng *computer games* buong araw.
 - Nakakainip manatili sa bahay dahil bawal nang lumabas at hindi na pwedeng gumala kasama ang barkada.
 - Nagkaroon ng oportunidad upang makatulong sa mga gawaing bahay at nakagagawa ng mga bagay na hindi pa nagagawa noong wala pang pandemya.
3. May tatlong rehiyong may mataas na kaso ng Covid19 sa Pilipinas ayon sa WHO na inilabas noong ika-20 ng Abril, 2020. Batay sa datos, anong rehiyon ang may pinakamataas na kaso ng Covid19?
- NCR
 - CALABARZON
 - Central Luzon
 - Central Luzon at NCR
4. Batay sa kasalukuyang pangyayari, nasusunod ba ng mga mamamayan ang physical distancing na ipinatutupad ng batas?
- Hindi, dahil matitigas ang ulo ng mga tao.
 - Oo, dahil ayaw nilang mahuli at makulong.
 - Oo, dahil alinsunod ito sa batas para maiwasan ang pagkahawa sa sakit.
 - Hindi, dahil sanay silang magkatabi.
5. Bilang isang mag-aaral sa ikawalong baitang, may magagawa ka ba upang maiwasan ang pandemya? Paano?
- Oo, sa pamamagitan ng pananatili sa bahay
 - Oo, sa pamamagitan ng pagsali sa mga gawaing pangkalusugan sa barangay.
 - Oo, sa pamamagitan ng paglalako ng mga gulay upang matulungan nag mga magulang na nawalan ng trabaho dahil sa pandemya.
 - Oo, sa pamamagitan ng paglilinis sa kapaligid upang maiwasan ang pagkalat ng corona virus.



Oh, ayan, natapos na natin ang ating paglalakbay, at nagkaroon na rin tayo ng sapat na kaalaman hinggil sa iba't ibang teknik sa pagpapalawak ng paksa.

Hanggang sa muli, narito pa rin ang iyong guro, ang iyong gabay sa pag-aaral. Ihanda mo ang iyong sarili sa kasunod na modyul –
Modyul 7: Pagsulat ng Talata

Hanggang sa muli.



Susi sa Pagwawasto

- A.** Saring sagot
B.
 1. D
 2. C
 3. C
 4. B
 5. B

Tuklasin

Saring sagot

Balikan

Saring sagot

Subukin

1. D
 2. C
 3. C
 4. D
 5. A

Tayahin

- sagot
Sa kabuoan... Saring
 5. paghahambing
 4. hindi agad-agad
 3. pagsusuri
 2. paraan o teknik
 1. pagpapalawak

Isaisip

- Karagdagang Gawain**
 1. D
 2. D
 3. A
 4. C
 5. A

Saring sagot
Pagymananin, Isagawa

Mga Sanggunian

MELCs 2020-2021 pahina 31

Mga Aklat:

Balazo, Iluminada C.; Dominguez, Leticia F., Ph.D. Badua, Zenaida S., 2000, Gintong Pamana Wika at Panitkan IV.,SD Publications Inc.

Gabay sa Pagtuturo ng Filipino 8

<https://www.doh.gov.ph/covid-19/infographics>

<https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2020/01/21/1986630/doh>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph* blr.lrpd@deped.gov.ph